Ang sinumang kumain ng bawang o sibuyas ay magpakalayu-layo siya sa amin." – o nagsabi: "ay magpakalayu-layo siya" – "sa masjid namin at manatili siya sa bahay niya

Ayon kay Jābir bin `Abdillāh (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang sinumang kumain ng bawang o sibuyas ay magpakalayu-layo siya sa amin." – o nagsabi: "ay magpakalayu-layo siya" – "sa masjid namin at manatili siya sa bahay niya."} Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay dinalhan ng isang kaldero na may mga gulay mula sa mga legumbre. Nakatagpo siya rito ng isang amoy kaya nagtanong siya. Ipinabatid sa kanya hinggil sa narito na mga legumbre kaya nagsabi siya na ilapit ito sa isa sa mga kasamahan niya na kasama niya. Noong nakita niyon ito, nasuklam iyon na kainin ito. Nagsabi siya: "Kumain ka sapagkat ako ay nakikipagniig sa kanya na hindi ka nakikipagniig."} Batay kay Imām Muslim, ayon kay Jābir bin `Abdillāh, ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang kumain mula sa legumbreng ito: ang bawang," – nagsabi siyang muli – "ang sinumang kumain ng sibuyas, bawang, at puero ay huwag nga siyang lalapit sa masjid natin sapagkat tunay na ang mga anghel ay napeperhuwisyo mula sa ikinapeperhuwisyo ng mga anak ni Adan."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sinumang kumain ng bawang o sibuyas na huwag pumunta sa masjid nang sa gayon hindi ito makaperhuwisyo sa mga kapatid nito na mga dumadalo sa ṣalāh sa konggregasyon dahil sa amoy ng dalawang iyan. Iyon ay isang pagsaway ng pag-iwas sa pagpunta sa masjid hindi sa pagkain ng dalawang iyan dahil ang dalawang iyan ay kabilang sa mga pagkaing pinapayagan. Dinalhan nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang kalderong may mga gulay; ngunit noong nakaamoy siya rito ng isang amoy at ipinabatid sa kanya hinggil sa narito, tinanggihan niya ang pagkain nito at inilapit ito sa isa sa mga Kasamahan niya upang kumain mula rito ngunit nasuklam iyon sa pagkain bilang pagtulad sa kanya. Kaya noong nakita iyon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), nagsabi siya: "Kumain ka sapagkat tunay na ako ay nakikipagniig sa mga anghel sa pamamagitan ng pagkasi." Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga anghel ay napeperhuwisyo sa mga masamang amoy kung paanong napeperhuwisyo ang mga tao sa mga iyon.